# THE LORD'S FLOCK GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

**Ang Apat na Susi**
Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Enero 12, 2022

Ang susi ay pambukas at pangsimula ng mga bagay. Lumilikha ng mga bagong pagkakataon ang bagong taon sa bawat Kristyano para matupad ang mga plano ng Diyos. Dagdag pa nito, hindi tumitigil ang oras, kaya iayon natin ang ating isipan sa pagtupad sa ating mga layunin, pagpalago sa ating sarili, at pagpili ng angkop na aksyon (Kaw.17:24). Para mapalago ang buo nating kakayahan, may apat na susi na dapat nating malaman at maunawaan.

**1.Tanggapin ang responsibilidad sa ating buhay.** Ang maging responsable ay magkaroon ng obligasyon, pusong may malasakit sa kapwa o sa mga bagay. Responsable tayo bilang magulang, lider, manggagawa, negosyante atbp., at ang mga ito ay daan para makaakay tayo ng tao tungo sa Diyos. Ang ating responsibilidad ay tuloy-tuloy sa iba't ibang pangyayari sa buhay; gayunman, lahat ng ating mga plano ay nakasalalay sa loobin ng Diyos. (Santiago 4:15). Bukod dito, bilang Kristyano dapat mamuhay tayo ayon sa mga utos ng Diyos habang ibinabahagi natin ang Kanyang Salita. Gayundin, dapat nating iwasan ang mga pag-uugaling ito kung sinusundan natin ang plano ng Diyos:

**1.1 Nag-aakusa. (Bilang 14:1-25)**
**1.2 Nagdadahilan. (Kawikaan 22:14)**
**1.3 Namimili. (Lucas 12:16-21)**

**2. Maniwala na kaya nating magbago.** Ang buhay Kristyano ay umuunlad at buo ang loob sa pagbabago. Itigil na natin ang pagsasabi ng, "Di ko kaya" at magsimulang sabihing, "Kaya ko." Ang buhay Kristyano ay nangangailangan ng tulong ng Diyos (Fil. 4:19). Pinagninilayan niya ang mga pangako ng Diyos (Ez. 36:26) at tinatanggap niya ang mga pagbabago. Bawat pagbabago sa ating buhay dulot ng pagiging alagad ng Diyos ay Kanyang plano (Jer. 29:11) dahil bahagi tayo ng Kanyang katawan (1 Cor. 6:11). Kung pinahihitulutan natin ang Diyos na baguhin tayo, maglalaan Siya ng daan para sa atin at sa ating kaligayahan.

**3. Linawin ano ang gusto natin sa buhay.** Dapat matukoy natin kung ano ang mahalaga sa ating buhay at kalayaang mamili ng tamang mga bagay. Ito ang dahilan para maging anak tayo ng Diyos (Gen. 1:26). Ang tatlong mahahalagang ugnayan sa buhay.

**4.1 Ugnayan sa Diyos**
**4.2 Ugnayan sa pamilya**
**4.3 Ugnayan sa Kristyanong pamayanan**

**4. Simulan na ngayon.** Gawin na natin agad at huwag ipagpaliban ang para sa Panginoon. Baka mapakawalan natin ang pagkakataon. "Ang naghihintay sa pagtigil ng hangin ay di kailanman makapaghahasik ng kanyang binhi. At ang nag-aalala sa patak ng ulan ay di makapag-aani (Mangangaral 1:4).

**Konklusyon:**
Darating na ang bagong taon, at linisin na ang buhay. Panahon na para ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay kasama ang Diyos at sundan ang Kanyang mga planong nakahanda para sa atin. Kung kinikilala natin na tayo ay anak ng Diyos, alam natin ang ating responsibilidad, ang katatagan natin sa bawat pagsubok, ang ating Kristyanong pag-uugali, at ang madaliang pagkilos sa pagbabahagi ng Ebanghelyo sa sanlibutan.

**Pagninilay:**
1.Anu-ano ang mga responsibilidad mo sa buhay? Magkakaugnay ba ang mga ito sa plano ng Diyos?
2. Paano mo ipinagpapaliban ang paglilingkod sa Diyos?
3. Ano ang pinagkaka-abalahan mo ngayon? Nagbibigay ba ito ng panghabang buhay na kagalakan sa iyo?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
Tags: #BuhayKristyano, # EspiritwalNaPaglago